# *JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG*

Si John Christopher DG. Lubag ay isang guro at manunulat na kasalukuyang naninirahan sa Bulacan. Lumabas ang ilan sa kaniyang mga akda sa Baga Poetry (Great Concept Publishing, Inc.), Liwayway Magazine, at Katitikan (The Literary Journal of the Philippine South). Kumukuha siya ng Rody Vera Online Playwriting Course at ng Master of Arts Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

# MORNING BROWSING

Usong-uso talaga
Ang funny trends sa umaga.
Kayraming likes and shares
Na posted on social media.

Pero with all due respect,
Bakit may kupal sa news feed?
Ay, palabas pala ulit
Ang Captain Barbell, kapatid!

Aba, ano’ng drama nitong
Kalbong krayola sa FB?
A, ‘yong pagpatay sa bata,
O, di ba’t adik nga raw kasi?

At kung paligsahan din lang,
Si Pinocchio’y di lalaban.
Usapang Princeton at UP,
Next question na lang.

Naku! Heto na naman
Ang pabibong guy sa viral vidyo.
Sa dinami-raming sinabi,
Nauwi lang sa puta at bobo.

Uy, nag-mini concert
‘Yong veteran OPM artist.
Kaso ‘yong old hit, may new lyrics,
Ang dami tuloy nagalit.

Siyempre, di padadaig
Ang Wolverine ng history.
Kayhaba-haba nang buhay,
Paano tayo magiging happy?

Hay, nakabuburat na
Itong new pages browsing,
Lalo pa’t mukha ni singkit
Itong updated profile ng admin.

Usong-uso talaga
Ang funny trends sa umaga.
Pero pag trapo on the wall,
I-angry face mo sana!